Mahal kong Hesus, kailangan ko ang tulong mo, tulungan mo ako, ako ay makasalanan, at kailangan ko na mai-ayos ang buhay ko. At alam ko na hindi ko kayang gawin mag-isa, sinubukan ko na at ako'y nabigo ng maraming beses. Patawarin mo ako sa aking mga kasalanan at bigyan mo ako ng bagong umpisa. Ako'y naniniwala na mahal Mo ako at namatay para sa aking mga kasalanan. Pumasok Ka sa aking buhay at maging Panginoon at Tagapagligtas.

Kailangan ko ang iyong kapayapaan at kalakasan, isinusuko ko ang aking buhay at ang lahat para sa Iyo. At ngayon naniniwala na ako'y Iyo, pinatawad sa aking mga kasalanan at naligtas mo ang aking kaluluwa. Salamat po

Kung iyong ipinanalangin at naniwala ka na si Hesu Kristo ay ang iyong Panginoon at Tagapagligtas, at kung mayroon kang mga katanungan sa babasahing ito, makipag- ugnay lamang sa amin, sa www.templebaptistmontreal.com
kasiyahan naming makatulong sa inyo.


-Joseph H. Hovsepian
Good News Ministries

*Tagalog - TLUW15 - Printed in Canada*
www.templebaptistmontreal.com
**Good News Ministries • 514-279-9626**
5815 Durocher Avenue, Outremont, QC Canada H2V 3Y5

---

**EVANGELICAL TRACT DISTRIBUTORS**
P.O. Box 146, Edmonton, AB. Canada T5J 2G9
www.evangelicaltract.com

# May Hinahanap Ka Ba?



Isa sa mga sikat na babasahin, si Elizabeth Taylor ay nagsabi "Alam ng Diyos na nasubukan ko, ang pagkasikat, pagkain, lalaki, droga at alak, pero hindi ko natagpuan ang kapayapaan. Ang kwento'y nagpatuloy habang tinitingnan ni Taylor ang kanyang ina habang natutulog na malapit ng mamatay. At malungkot niyang sinabi, Maaring ang kamatayan lamang ang siyang kapayapaan."

Tinanong ng reporter si Elvis Presley, anim na linggo bago siya namatay, " Elvis noong nag-umpisa kang tumugtog ng musika, sabi mo'y mayroon kang tatlong bagay na gusto mong makamtan sa buhay. Gusto mong maging mayaman, gusto mong maging sikat at maging masaya.

Masaya ka ba Elvis? Ang sagot n'ya "hindi" "malungkot ako tulad ng impiyerno"

Kaya tulad ng kayamanan, kasikatan, tawaging kaibigan at maging kabataan at kalakasan ay hindi makakapagbigay ng kapayapaan at kaligayahan.

Si Elizabeth Taylor at Elvis Presley at marami pang iba, nakamtan na ang lahat maliban sa kapayapaan at kaligayahan. At hindi maari na di sila makasama. Ang mundo ay puno ng mayayaman, at sikat na tao na magulo at malulungkot ang buhay.

Marami ng mga taong nagtangkang magpakamatay. Ang karamihan ay kabataan, sa pinaka umpisa ng kanilang buhay itoy dumarami. Ang problemang ito ay madalas makikita sa kalungkutan at sa walang pag-asa ng buhay.

Ang mga mahihirap o' may sakit hindi lamang sila ang na apektuhan ng kalungkutan, takot, walang pag-asa at pangarap sa buhay. Lalaki o babae, mayaman o mahirap, kabataan o matanda, kahit saan, tayo'y nangarap na matagpuan ang kaligayahan at kapayapaan sabuhay ngunit hindi lahat ay makakatagpo.

Bakit? Bakit hindi matagpuan ang kapayapaan at kaligayahan? Ang problema ay pag hiwalay sa Diyos. Ang Biblia ay tiyak na nagsasabi sa pagkakahiwalay. Natatandaan mo ba? Ang mga oras na nahiwalay tayo kay Kristo....walang pag-asa at walang Diyos sa mundo" (Efeso 2: 12) Ito ang problema sa paghihiwalay na naka epekto sa mga tao, lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.(Roma 3:23) Tayong mga nilalang ay nilikhang makasalanan na nakapaghiwalay sa kabanalan ng Diyos..."..Ang kasalanang ito ang problema sa kakulangan na dapat matupad.

Si Pascal, isa sa magaling na matematika, minsa'y nagsabi, bawat isa sa atin ay mayroong kakulangan sa ating puso na tanging Diyos lamang ang kasagutan, "Paano natin mapagtatagumpayan ang hadlang sa kasalanan?

Ang kasagutan sa ating problema ay mag mumula lamang sa Diyos. Ang bawat isa sa atin ay nagkasala. Ang kasagutan ng Diyos ay Si Hesu Kristo, Na Siyang "Prinsipe ng Kapayapaan" (Isa. 9:6) Sa salitang Hebreyo ay "Sar Shalom" at mas malawak ang kahulugan na tinatawag na "kapayapaan" Hindi lang ibig sabihin ay wala nang gyera at hagupit, ngunit kasama ang pag-unlad, makatao, pakikipag-isa kasama man o hindi kapayapaan ng isang puso at kapayapaang kasama ang Diyos. Ito ang dapat na kalagayan ng tao.

Nabasa natin ang kasagutan ng Diyos sa Banal na Kasulatan, "Gayon na lamang ang pagmamahal ng Diyos sa mundo (ikaw at ako) na ibinigay Niya ang kanyang kaisa-isang anak (Hesus) na sinumang maniniwala sa kanya, ay hindi mapapahamak kundi'y magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16) Ginawa na ng Diyos ang Kanyang dapat gawin na abutin ka. Gusto Niyang magkaroon ka nang kapayapaan, kagalakan at buhay na walang hanggan. Mayroon ka bang kapayapaan at kagalakan? O kaya'y ang pagaalinlangan at takot ang siyang naging pamamaraan sa buhay mo?

Kapag ang hinahanap mo ay kaligayahan, kagalakan, at kapayapaan matatagpuan mo lamang kay Hesu-Kristo na namatay para sa bawat isa sa atin. Gusto Niyang makamit natin ang walang hanggang na kapayapaan at buhay na walang hanggan. Pwede kang makipagsundo sa Diyos ngayon sa pamamagitan ng pag-iimbita na pumasok si Hesus sa iyong puso at buhay. Magagawa mo yan sa pamamagitan ng simpleng panalangin tulad nito....